


Ulrat Balita ng Kinatawan ng Kongresu para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Isyu Bilang 44



Pinamamatnugutan at inilalathala ng: Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki
 Petsa ng Paglalathala: Marso 31, 2012
<http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/index.htm>

Apat na Panukala para sa Alkalde – Nagpaalam na sa Kanilang Tungkulin ang mga Kinatawan na Nagsilbi sa Ika-8 Termino



Ang pinakahuling pagpupulong ng ikawalong termino ng Kapulungan ng mga Kinatawan ay natapos noong Linggo sa ika-19 ng Pebrero, 2012. Nagpasiya ang mga kinatawan na magsumite ng apat na panukala sa alkalde bilang resulta ng pananaliksik at mga pagtalakay na isinagawa at idinaos nila sa nakaraang dalawang taon. Tinalakay ng mga kinatawan ang maraming paksa sa panahon ng kanilang termino sa kapwa mga Seksiyon ng Panlipunang Pamumuhay at Seksiyon ng Edukasyon. Isang hanay ng iba't ibang isyu at ideya ang iniharap at kahit na hindi lahat ng mga ito ay isinama sa mga panukala, nakapagbigay ang proseso ng magagandang mga oportunidad upang marinig ng mga tao ang mga opinyon ng mga dayuhang residente. Inaasahan naming ang mga opinyong ito ay tatandaan at ipagtitibay sa hinaharap.

Sa pinakahuling pagpupulong, nagbigay ang bawat miyembro ng kapulungan ng maikling talumpati na naglalarawan sa kanilang mga aktibidad bilang kinatawan sa nakalipas na dalawang taon, at nagbigay rin ng mensahe sa mga kinatawan ng susunod na termino. Habang winawari-wari ang dalawang taon, sinabi ng isang kinatawan na, "Magandang makita na ang aking mga ideya ay isinama sa isang panukala." Sinabi ng isa pang kinatawan na, "Binigyan ako ng kapulungan ng maraming pagkakataon na makapaghalubilo sa iba't ibang uri ng tao." "Noong una, nahirapan akong ipahayag ang aking sarili, pero nagsumikap akong magsalita sa lubos ng aking makakaya sa mga pagpupulong. Mabuting karanasan ito para sa akin," sinabi ng iba pang kinatawan. Hinggil sa susunod na termino, iminungkahi na magbigay ng mas nangungunang pagsasanay at humiling ng mas maraming opinyon mula sa kararating pa lamang na mga dayuhan. Sinabi rin na dapat mas masugid na makikipagtulungan ang mga miyembro ng kapulungan sa isa't isa sa mga aktibidad na bukod sa pananaliksik at mga talakayan.

Maraming mga kinatawan ang nagkomentaryo sa kanilang karanasan sa lindol ng Tohoku noong nakaraang Marso. Sinabi ng isang kinatawan na, "Ang impormasyon na galing sa aking inang bansa ay medyo iba kaysa sa aking natatanggap sa bansang Hapon. Pakiramdam ko na mahalagang magbigay ng tamang impormasyon sa napapanahong paraan." Sinabi ng ibang kinatawan na, "Ipinasa ko ang impormasyon sa tao sa simbahan, at nagpasalamat sila dito." Kabilang sa ibang mga puna tungkol sa mga hakbang na dapat gawin sa panahon ng emerhensiya ay, "Mas maiging dagdag pa tayong mag-aral tungkol sa pag-iwas sa sakuna sa ating pang-araw-araw na buhay," at "Dapat ring lumahok ang mga dayuhan sa mga pang-emerhensiyang ensayo (emergency drill)." Nagkomentaryo ang isa sa mga miyembro na "Kahanga-hanga para sa akin na mahinahong kumilos ang mga Hapon at hindi sila nagpanik."

Dahil natuto sila mula sa hanay ng mga karanasan habang naglingkod bilang mga kinatawan sa nakalipas na dalawang taon, ninanais ng 24 na kinatawan ng ikawalong termino na makakalahok sila sa mga aktibidad sa kanilang mga lokal na komunidad.

Bilang panghuli, gusto naming pasasalamatang ang lahat ng mga tao na sumuporta sa Kapulungan ng mga Kinatawan.

***Basahin ang pahina 2 para sa apat na mungkahi na isinumite ng ikawalong termino ng Kapulungan ng mga Kinatawan**

Mga Panukala ng Ikawalong Termino ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Residente

1 Magsagawa ng survey sa mga dayuhang residente bawat limang taon.

- 1 Hinihiling namin sa lungsod na magsagawa ng survey bawat limang taon upang maunawaan ang kasalukuyang sitwasyon ng mga dayuhang residente, malaman ang tungkol sa kanilang mga pangangailangan, at tingnan kung nakakakuha sila ng impormasyon na magagamit sa kanilang pang-araw-araw na buhay.
- 2 Hinihiling naming ipalabas ang mga resulta ng survey sa mga mamamayan at i-ulat sa Kapulungan ng mga Kinatawan para sa mga Dayuhang Residente, at na ang mga resulta ay dapat makita sa mga hakbang at mga patakaran ng lungsod.



2 Himukin ang sentral na pamahalaan na magtayo ng sistema sa pensiyon na masasalihan ng sinumang residente.

- 1 Hinihiling namin sa alkalde na himukin ang pamahalaang Hapon na makipagkasundo sa maraming bansa hinggil sa pagtibay ng mga kasunduan sa panlipunang seguridad, at himukin ang bansang Hapon na pirmahan ang mga kasunduang ito sa lalong madaling panahon.
- 2 Hinihiling namin sa alkalde na himukin ang pamahalaang Hapon na pagbutihin ang sistema ng pagbalik-bayad sa pag-withdraw ng pensiyon (o pension withdrawal refund system).
(Muling isusumite ang panukala para sa Taong Piskal na 2003.)
- 3 Hinihiling rin namin sa alkalde na himukin ang pamahalaang Hapon ang lumikha ng madaling maintindihang mga dokumento na nagpapaliwanag sa sistemang pensiyon.



3 Pagparami ng mga oportunidad para sa multikultural na edukasyon, at pagpayaman sa nilalaman ng edukasyong ito

(Opinyon na sumusuporta sa panukala para sa Taong Piskal na 2009.)



- 1 Hinihiling namin na itaguyod ang multikultural na edukasyon at idaos ang isang klase nang hindi kukulangin sa isang beses sa isang taon para sa lahat ng estudyante sa elementarya at junior high school.
- 2 Hinihiling namin na matuto ang mga estudyante tungkol sa mga kultura ng isang hanay ng mga bansa sa multikultural na edukasyon na klase.

4 Magtaguyod ng sistema sa pagtugon sa pang-aapi (bullying) sa paaralan, at pagbigay ng mas mabuting suporta sa mga magulang

- 1 Hinihiling namin na likhain ang mga komprehensibong patnubay upang sugpuin ang pang-aapi (bullying) sa paaralan. Ang mga halimbawang kaso ng pang-aapi (bullying) ay dapat ilakip sa mga iminumungkahing solusyon. Ang mga patnubay ay dapat ipamahagi sa mga tagapagturo at iba pang taong sangkot, upang mahadlangan ang pang-aapi (bullying) o malutas sa mga maagang yugto.
- 2 Hinihiling namin sa lungsod na lumikha ng kapaligiran kung saan makakapagkonsulta ang mga estudyante at kanilang mga magulang sa mga isyu ng pang-aapi (bullying) sa paaralan sa kanilang katutubong wika. Dapat na i-anunsiyo ang mga multilingguwal na konsultasyon.



* Para sa mga detalye at batayan ng mga panukala, basahin “Ang Taunang Ulat ng Kapulungan ng mga Kinatawan para sa mga Dayuhang Residente (Taong Piskal 2011).” Ang mga kopya ng taunang ulat ay makukuha sa silid pangkomperensiya ng Kapulungan ng mga Kinatawan. Maaari rin itong makuha sa mga tanggapan ng ward, mga Bulwagang Pambayan (Civic Hall), at mga aklatan sa buong Kawasaki.

Pagbalik-tanaw sa Kapulungan ng mga Kinatawan

Ang mga komentaryo mula sa mga kinatawan ng ikawalong termino na tinapos ang kanilang termino sa Kapulungan ng mga Kinatawan ay ipinahayag sa ibaba.

皆さんと一緒に元
な一年になりました。提
言を出すために一生けん
めにがんばりました。
ウーシ

Sogori yakatta
de su 中村: ヲビエス

メンバーになれて
よかったです。
やりがいがありました。
高橋 明

名国の代表者 大川合
いり意見書を議論に
及に住み川崎を勢
にいま。玉平

IT WAS A PLEASURE
PARTICIPATING TO A
BETTER SOCIETY VISION
ルレン、オリーブ

皆さんといろいろ話し合い、
提言を出すのはよい経験
だと思っています。許可 欣

第7期と第8期に参加さ
せて頂いて、とても良い
経験が出来ました。
鈴木新琴

Senpai toshite iairo
minna de detatato onoi
mashita quevedo mo ata
rashi Tegu de wa nai to
onnaji koto o natte shimasu
dewa mai ka?
Subete jibun no keiken
mo matte totemo yokatta
to omoimaseu. Arigatou
Ode Orietta.

我々の任期中に起きた「東日本
大震災」について色々と考えさ
せられました。やり残した事と
して「震災における外国人市民
への情報提供と対応」を是非次
の代表者に引き継いでもらいた
い。 オパongo デケ

行政側の人間として
勉強させていただき
ありがとうございました。
朴昌浩

第8期月 外国人市民 代表者
としての活躍が川崎市民
に役に立つことを期待
しています。オア: 罫 アンナ

かめさしはこくさつさ
いかりのせんとくにたち
つづきできるよ、みんが
さうりやくしなりました!
コロンツ、カドル

2年間 ありがとうござい
ました。とても良い勉強に
なりました。川崎市がもっと
グローバル化になりまわ
り願っています。
MUITO OBRIGADA!
中森 シュリウマドリ

I FEEL WE SHOULD ALL
TRY TO VOLUNTEER
SOME OF OUR TIME
AND SKILLS FOR THE
BENEFIT OF OUR LOCAL
COMMUNITY. ダンカ!

天生我才必有用(天意で生
まれた我が権二の世に
必ず使われる)。子規の今
唐・李白の詩を詠んだら、
自信満々になる。
歌 輝(カキ)

おかげさまで、お金で
かえれない、いのちもい
で、か、たくさんで、き
ました。それが屋ジヤキー

外国人代表者会議は
とてもいい意見交換の
場所です。もっと多くの川崎
市民に知ってほしい。
オカン木入 エルナン

価値ある選択は、未来進行
形で考え、大勢の未来、先を
見続けることです。子菜

川崎市を沢山の
立場から見えて貴
重な経験でした。
貢献したように
チャート デビト

おばらいい仲間たちに感謝!
子どもたちの未来! 津あれ!!
金 祥和



Alam mo ba ang tungkol sa bagong sistema sa pamamahala ng pagka-residente?

Hindi ako pamilyar dito. Kuwentuhan mo naman ako.



Mahalagang impormasyon ito para sa mga dayuhang residente! Makukuha ang mga paliwanag sa iba't ibang wika. Tingnan ito!



Magsisimula ang isang bagong sistema sa pamamahala ng pagka-residente (residency management system) sa ika-9 ng Hulyo, 2012, at iba't ibang pamamaraan na mahalaga sa mga dayuhang residente ang binago. Maaari mong i-download ang mga karagdagang impormasyon sa iba't ibang wika mula sa Internet.

Punto 1 Isang "kard ng residente" ang ibibigay.

Ibibigay ang isang kard ng residente sa mga dayuhang mamamayan na nakatira sa bansang Hapon na mayroong katayuang pangmatagalang residente.

Punto 2 Ang panahon ng pagtira ay pahahabain sa pinakamatagal na limang taon.

Kung ang dayuhang residente ay kasalukuyang may panahon ng pagtira na tatlong taon, maaaring pahabain ito ng limang taon. Halimbawa, para sa dayuhang mamamayan na may katayuang residente na kasal sa isang Hapon at inu-uri bilang "Asawa o Anak ng Hapong Mamamayan," ang panahon ng pagtira ay sa kasalukuyan isang taon o tatlong taon. Sa ilalim ng bagong sistema, babaguhin ito sa isang taon, tatlong taon, o limang taon.

Punto 3 Ipakikilala ang "sistema ng espesyal na pahintulot sa muling pagpasok".

Kapag ang mga dayuhang mamamayan na may balidong pasaporte at may katayuang residente ay gusting muling pumasok sa bansang Hapon, kinakailangan nilang mag-aplay para sa isang pahintulot sa muling pagpasok sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Subalit, hindi na kinakailangan ang pahintulot sa muling pagpasok sa bagong sistema ng "kard ng residente" kapag muli silang papasok sa loob ng isang taon mula sa paglabas. (Tandaan na maaaring may mga partikular na kaso kung saan kinakailangan ang pahintulot sa muling pagpasok.) Tinatawag itong "sistema ng espesyal na pahintulot sa muling pagpasok." **Kapag lumabas ka ng bansang Hapon gamit ang sistema ng espesyal na pahintulot sa muling pagpasok, kailangang muli kang papasok sa bansang Hapon sa loob ng isang taon upang hindi mawala ang iyong katayuang residente. Kung lilipas ang panahon ng iyong pagka-residente (expiration of period of residency) nang wala pang isang taon pagkatapos ng iyong paglabas, mangyaring pumasok muli sa bansang Hapon bago lumipas ang panahong iyon.** Ang pinakamatagal na panahong may-bisa ang isang pahintulot sa muling pagpasok ay pahahabain mula sa kasalukuyang tatlong taon hanggang sa limang taon sa ilalim ng bagong sistema ng pahintulot sa muling pagpasok.

Punto 4 Bubuwagin ang sistema sa rehistrasyon ng dayuhan.

Sa panahong gagana na ang bagong sistema, bubuwagin ang kasalukuyang sistema sa rehistrasyon ng dayuhan. Babaguhin nito ang iba't ibang pamamaraan ng pagbibigay-abiso.

- Kapag lumipat ka sa isang bagong lugar => I-ulat ito sa may-kaugnayang mga munisipal na tanggapan o mga tanggapan ng ward. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, kinakailangan mo lang i-ulat ang iyong paglipat sa counter ng rehistrasyon ng dayuhan sa munisipal na tanggapan o tanggapan ng ward ng bagong lugar. Sa ilalim ng bagong sistema, kailangan mo munang magsumite ng isang abiso ng **paglipat palabas (moving-out notification)** sa munisipal na tanggapan o tanggapan ng ward sa lumang lugar, at pagkatapos magsumite ng isang abiso ng paglipat papasok (**moving-in notification**) sa munisipal na tanggapan o tanggapan ng ward sa bagong lugar. Mangyaring siguraduhin na ang iyong rehistrasyon ay naisasapanahon bago umpisahan ang bagong sistema.
- Kung babaguhin mo ang iyong pangalan, petsa ng kaarawan, kasarian, o nasyonalidad/rehiyon => I-ulat ito sa Pang-rehiyong Kawanihan ng Imigrasyon.
- Ano ang mangyayari sa mga sertipiko ng rehistrasyon ng dayuhan? => Ang sertipiko ng rehistrasyon ng dayuhan para sa mga dayuhang mamamayan na pangmatagalang nakatira sa bansang Hapon ay patuloy na magsisilbi bilang kard ng residente sa kasalukuyang panahon. Mangyaring siguraduhing hawakan ang iyong sertipiko ng rehistrasyon ng dayuhan hanggang sa matanggap mo ang iyong kard ng residente.



Maaari mo ring i-download ang mga paliwanag sa iba't ibang wika mula sa website ng Lunsod ng Kawasaki City. Makukuhang mga wika: Nihongo, wikang Intsik, Ingles, Koreano, Portuges, Espanyol, at Tagalog

- <http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/info.htm>
(Makikita mo ang mga paliwanag sa ibang mga kategorya ng multilinggwala na impormasyon.)
- http://www.city.kawasaki.jp/index_e.htm

★Kontakin Sentro ng Impormasyon ng Kawanihan ng Imigrasyon (Immigration Bureau Information Center)

(8:30 a.m. hanggang 5:15 p.m., Lunes hanggang Biyernes)

(Makukuhang mga wika: Nihongo, wikang Intsik, Koreano, Ingles, Portuges, at Espanyol)

Telepono: 0570-013904 (o (03) 5796-7112 kapag gumagamit ng IP phone, PHS, o tumatawag mula sa ibang bansa)

Kawanihan ng Imigrasyon ng bansang Hapon: http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1/

<Mga Katanungan> Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Lungsod ng Kawasaki (川崎市市民・子ども局人権・男女共同参画室)
1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577 (〒210-8577 川崎市川崎区宮本町1)
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tatanggapin ang iyong mga ideya at mungkahi hinggil sa newsletter at Kapulungan.